PANTULONG SA PAGPLANO NG PAGSAMBÁ

# 3 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

01/22/2012

## MAARING AWIT SA PAGTITIPON


Buksán ang Aming Puso .................................................. E. Hontiveros SJ
Halina at Lumapit ..................................................................... Habito
Pag-aalaala ........................................................................ M. Francisco SJ


## PANGINOÓN, KAAWAÁN MO KAMÍ

### Panginoón, Kaawaan Mo Kami





Titik © 1982 CBCP Komiténg Pangrehiyón ng Litúrhiyá sa Tagalog.
Tugtugin © 2001-2012 Victor Eclar Romero. www.magsimba.com


## PAPURÌ SA DIYÓS........................................................................................... .

# Litúrhiya ng Salitâ

UNANG PAGBASA........................................................................ Jon 3:1-5, 10
Babasahin ni

Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Jonas
Sinabi ng Panginoon kay Jonas:
"Pumunta ka sa Lunsod ng Ninive
at ipahayag mo ang mga ipinasasabi ko sa iyo."
Nagpunta nga si Jonas sa Ninive.
Malaki ang lunsod na ito.
Aabutin ng tatlong araw kung lalakaring pabagtas.
Siya'y pumasok sa lunsod.
Pagkaraan ng maghapong paglalakad,
malakas niyang ipinahayag,
"Gugunawin ang Ninive pagkaraan ng apatnapung araw!"
Naniwala ang mga taga-roon sa pahayag na ito mula sa Diyos.
Kaya, nag-ayuno sila at nagdamit ng sako
bilang tanda ng lubos na pagsisisi
at pagtalikod sa kanilang mga kasalanan.
Nakita ng Diyos ang kanilang pagtalikod sa kasamaan kaya
hindi na itinuloy ang paggunaw sa Ninive.
Ang Salita ng Diyos!

Magandáng Balità Bíblia © 1980 Philippine Bible Society

TUGÓN SA SALMO

Poón, ang iyóng landasi'y iyóng iturò sa akin!

SALMO: Salmo 25:4-5, 6-7, 8-9
Babasahin/aawitin ni

Ang kalooban mo'y ituro, O Diyos,
ituro mo sana sa aba mong lingkod;
ayon sa matuwid, ako ay turuan,
ituro mo, Poon, ang katotohanan;
Tagapagligtas ko na inaasahan.

Poon, gunitain, pag-ibig mong wagas,
at ang kabutihang noon pa'y nahayag.
Pagkat pag-ibig mo'y hindi nagmamaliw,
ako sana, Poon, ay alalahanin.

Mabuti ang Poon at makatarungan,
sa mga salari'y guro at patnubay;
sa mababang-loob siya yaong gabay,
at nagtuturo ng kanyang kalooban.

IKALAWÁNG PAGBASA...................................................... 1 Taga-Corinto 7:29-31
Babasahin ni

Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto
Ito ang ibig kong sabihin,
Mga kapatid:
Malapit na ang takdang panahon,
kaya't mula ngayon,
ang may asawa ay mamuhay na parang walang asawa;
ang mga nananangis,
na parang di nananangis;
ang mga nagagalak,
na parang di nagagalak;
ang mga namimili,
na parang walang ari-arian,
at ang mga nagtatamasa sa sanlibutang ito,
na parang di nila ito alintana.
Sapagkat ang lahat ng bagay na ito'y mapaparam.
Ang Salita ng Diyos!

Magandáng Balità Bíblia © 1980 Philippine Bible Society

MABUTING BALITÀ........................................................................ Marcos 1:14-20

Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos
Pagkatapos dakpin si Juan,
si Hesus ay nagtungo sa Galilea
at ipinangaral ang Mabuting Balitang mula sa Diyos:
"Dumating na ang takdang panahon,
at malapit na ang paghahari ng Diyos!
Pagsisihan ninyo't talikdan ang inyong mga kasalanan
at maniwala kayo sa Mabuting Balitang ito."

Samantalang naglalakad si Hesus sa tabi ng Lawa ng Galilea,
nakita niya ang magkapatid na Simon at Andres na naghahagis ng lambat.
Sila'y mangingisda.
Sinabi ni Hesus,
"Sumama kayo sa akin at kayo'y gagawin kong mamamalakaya ng tao."

Pagdaka'y iniwan nila ang kanilang lambat,
at sumunod sa kaniya.
Nagpatuloy siya ng paglalakad,
at sa di kalayuan ay nakita niya ang magkapatid na Santiago at Juan,
mga anak ni Zebedeo.
Sila'y nasa kanilang bangka at naghahayuma ng mga lambat.
Tinawag din sila ni Hesus at sumunod naman sa kaniya.
Iniwan nila sa bangka ang kanilang ama,
kasama ng mga taong upahan.
Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

Magandáng Balità Bíblia © 1980 Philippine Bible Society

HOMILYA

PAGPAPAHAYÁG NG PANANÁMPALATAYÀ

PANALANGIN NG BAYAN
. . Para sa Simbahan
. . Para sa mga Kinaúukulan
. . Para sa Nangángailangan, Naghihirap, Maysakít at Yumao
. . Para sa mga Dumaló sa Misang Itó

# Litúrhiyá ng Eukaristiya

Ihahatíd ang mga Alay niná

MAAARING AWIT SA PAG-AALAY

- Panalangin sa Pagiging Bukás-Palad ............ Arboleda and M. Francisco SJ
- Tanging Alay Ko, Ang ........................................................ Raymund Remo
- Isáng Pagkain, Isáng Katawan, Isáng Bayan ............................... San Pedro
- Narito Akó ..................................................................... René San Andrés
- Narito Akó, Panginoón ......................................................... Nemy Que SJ
- Pag-aalay ng Puso (Minsan Lamang) ................. Joe Nero and Nemy Que SJ
- Panalanging Maging Bukás-Palad ................. Rodrigo and Fruto Ramirez SJ

SANTO, SANTO, SANTO

## Santo, Santo, Santo




Titik © 1982 CBCP Komiténg Pangrehiyón ng Litúrhiyá sa Tagalog.
Tugtugin © 2001-20012 Victor Eclar Romero. www.magsimba.com

PAGBUBUNYÍNG PANG-ALAALA

.

## Sa Krus Mo at Pagkabuhay




Titik © 1982 CBCP Komiténg Pangrehiyón ng Litúrhiyá sa Tagalog.
Tugtugin © 2001-2012 Victor Eclar Romero.

DAKILANG AMEN

Victor Eclar Romero




Tugtugin © 2011 Victor Eclar Romero. All rights reserved. www.magsimba.com

.

PANALANGIN NG PANGINOÓN............................................................................ .

KORDERO NG DIYÓS

# Kordero ng Diyos




Titik © 1982 CBCP Komiténg Pangrehiyón ng Litúrhiyá sa Tagalog.
Tugtugin © 2001-2012 Victor Eclar Romero. www.magsimba.com

## MAAARING AWIT SA PAKIKINABANG

Huwág Kang Mangambá .............. Onofre Pagsanghan and M. Francisco SJ
Awit (Salmo) 027: Panginoón, Aking Tangláw ................... Fruto Ramirez SJ
Awit (Salmo) 027 ........................................................ Victor Eclar Romero
Awit (Salmo) 027 ................................................................... Rey Magnaye

## MAAARING AWIT SA PAGHAYÒ

Magpasalamat kayó sa Panginoón .................................. Fruto Ramirez SJ
O Bayan ng Diyós ........................................................................ Aquino

Sa mga sulat-tugtugin, ang « ng » ay isinusulat na « nang » at ang « mga » ay « manga ».
Palitán ang « Yahweh » ng « Poón »; ang « si Yahweh » ng « ang Poón ».

Nagpapasalamat sa mga mungkahing awitin
kay G. JR Medina ng Parokya ng « Kalinislinisang Paglilihì kay Maria » sa Vista Verde, Caintâ, Rizal
at sa Lupon ukol sa Litúrhiya sa Tagalog.

3 Linggó sa Karaniwang Panahón - B | 01/22/2012 | Leksyonaryo 68 | Gulóng B
Halaw ang mga Pagbasa sa Magandáng Balità Bíblia © 1980 Philippine Bible Society. www.bible.org.ph
Litúrhiya. Filipino. www.magsimba.com